CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

OPISYAL NA PAHAYAG

Hunyo 15, 2020
Pakikipag-ugnay: Alejandra (Alex) Basquez, Direktor, Kagawaran ng Human Resources, 562.570.6140, Alex.Basquez@longbeach.gov

Para sa Agarang Pahayag

Inanunsyo ng Manager ng Lungsod Tom Modica ang Paghihirang ng mga Bagong Pamumuno

Ngayon, inihayag ng Manager ng Lungsod Tom Modica ang paghihirang ng ilang mga bagong pangunahing pamumuno na makadagdag sa kasalukuyang pangkat ng pamumuno. Ito ay dumating pagkatapos ng kanyang paghirang kay Linda Tatum bilang Assistant Manager ng Lungsod.

“Sa mga pagbabago sa mga posisyon ng pamumuno at mga kamakailan-lamang na mga anunsiyo sa pagreretiro, kami ay sasalubong sa ilang mga bagong pananaw sa mga pangunahing papel sa pamumuno,” sabi ni Modica. “Ang mga sandaling ito ay nananawagan ng pagbabago, pagiging maalalahanin at kasipagan, at sa mga paghihirang na ito ay makakapagpatuloy kaming magsagawa ng mga pagsulong sa lahat ng mga lugar na ito.”

Teresa Chandler – Deputy Manager ng Lungsod

Si Teresa Chandler, na nagsilbi bilang Interim Deputy Manager ng Lungsod mula Setyembre 2019, ay naatasang maging permanenteng Deputy Manager ng Lungsod. Si Chandler ay patuloy na gagabay sa mga proyekto na may kaugnayan sa kawalan ng tirahan, pag-iwas sa karahasan at pag-unlad ng kabataan. Tumutulong din siya sa paghahatid ng pagbabago sa mga pangunahing prayoridad para sa Lungsod. Si Ms. Chandler ay kakatawan din sa Executive Leadership, habang ang Lungsod ay bumubuo at nag-iimplementa ng “Framework para sa Pagkakasundo sa Long Beach,” na kinikilala ang pagkakaroon ng matagal nang epekto ng sistematikong rasismo sa Long Beach at bansa. Siya ay higit sa 20 taong karanasan sa pamumuno sa parehong pampubliko at pang-nonprofit na tipo ng mga organization.

Si Chandler ay nagtrabaho para sa Lungsod ng Long Beach mula 2015. Bago ang kanyang trabaho sa Opisina ng Manager ng Lungsod, nagsilbi siya bilang Opisyal ng Serbisyo pang Walang Tahanan at kalaunan bilang Manager ng Bureau ng Serbisyong Pantao sa Kagawaran ng Kalusugan at Serbisyong Pantao.

“Ako ay napagkumbaba at pinarangalan na suportahan ang ating Pamumuno ng Lungsod habang sumusulong tayo upang lumikha ng sistematikong pagbabago upang maalis ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa lahi,” sabi ni Chandler. “Mahalagang tiyakin naming masiguro ang lahat ng mga miyembro ng komunidad sa Long Beach, kahit na anong zip code ang kanilang tinitirhan, na magkaroon sila ng kanilang mga kailangan upang mabuhay, magtrabaho, at maglaro.”

Ang paghirang kay Ms. Chandker ay epektibo Hunyo 20, 2020.

Rebecca Guzman Garner – Administrative Deputy Manager ng Lungsod

Si Rebecca Guzman Garner ay hinirang na Administrative Deputy City Manager. Si Ms. Garner ay naglinkod kamakailan bilang Acting Assistant Manager ng Lungsod at hindi kandidato sa permanenteng posisyon. Sa bagong tungkulin na ito siya ay magsisilbi sa Executive Management Team ng Lungsod na nakatuon sa administratibong tungkulin sa Opisina ng Manager ng Lungsod at ng Lungsod, kabilang ang pangangasiwa ng mga proyekto ng prayoridad ng Konseho at koordinasyon sa mga kagawaran ng mga istratehikong inisyatibo ng Konseho.

Si Ms. Garner ay nagtrabaho sa maraming mga kagawaran sa loob ng kanyang 30-taong karera sa Lungsod, kasama ang Public Works, Financial Management at ang Kagawaran ng Pulisya. Siya ay naging parte ng Executive Management Team ng Lungsod sa nakaraang 20 taon, nagtatrabahong malapit sa Mayor at Konseho ng Lungsod at pamamahala ng Lungsod sa lahat ng aspeto ng pamamahala ng Lungsod.

“Una, pinasasalamatan ko si Tom sa pagtitiwala sa akin bilang Acting Assitant Manager ng Lungsod sa nakaraang siyam na buwan, na nagpahintulot sa akin na magbigay ng pamumuno at suporta sa panahon ng COVID-19 na pandemya at sa mga nagdaang pag-uusap at mga aktibidad tungkol sa lahi, pagkakapantay-pantay, at karapatan sa First Amendment,” sabi ni Garner. “Inaasahan kong magpatuloy sa isang kritikal na papel ng pamumuno para sa Lungsod sa aking bagong posisyon.”

Ang paghirang kay Ms. Garner ay epektibo Hunyo 20, 2020.

Brent Dennis – Direktor ng Mga Parke, Libangan at Pandagat

Hinirang si Brent Dennis bilang Direktor ng Parke, Libangan, at Pandagat. Nagdadala si G. Dennis ng higit sa 40 taong karanasan sa iba’t ibang mga komplikadong kagawaran ng parke sa lungsod at county na pamamahala pati na rin ang mga non-profit na ahensya sa Midwest at California. Kamakailan-lamang, si G. Dennis ay nagsilbi bilang Direktor ng Kagawaran ng Parke at Libangan ng Lungsod ng Tucson kung saan pinamunuan niya ang kagawaran sa unang matagumpay na inisyatibo sa bond ballot na inaprubahan ng mga tagapagboto na kilala sa Proposisyion 407 na nagbibigay ngayon

ng $225 milyong pondo at muling pamumuhunan sa 100 iba't ibang parke ng lungsod. Sa kanyang oras sa Lungsod ng Tucson, pinangasiwaan ni G. Dennis ang matagumpay na paglulunsad ng maraming pangunahing hakbang tulad ng isang bagong Programang Park Ranger at isang nakapagbabago, hindi nakakalason na integradong Programa sa Pamamahala ng Damo.

Bago, si G. Dennis ay naglingkod bilang Direktor ng Community Services para sa Lungsod ng Anaheim, Assistant Direktor ng Operasyon para sa Golden Gate Parke, Direktor ng San Francisco Botanical Garden at Direktor ng Conservatory ng Bulaklak sa Kagawaran ng Libangan at Parke ng San Francisco.

“Nasasabik ako sa pagsali sa pamumuno ng Lungsod ng Long Beach at Kagawaran ng Parke, Libangan at Pandagat,” sabi ni Dennis. “Ang pagiging bahagi ng isang komunidad na mahal ang kanilang mga parke at nagpapahalaga ng kalusugan at fitness ay isang napakalaking personal na pagganyak. Propesyonal bilang isang arkitekto ng landscape na may masigasig na mata sa kalidad ng disenyo, mataas na pamantayan sa pagpapanatili at isang pangako sa pakikipag-ugnayan sa komunidad, ang mga parke at mga pasilidad ng libangan ng Long Beach ay magiging ligtas, malinis, at malugod sa lahat. Pangako ko ito!”

Ang unang araw ni G. Dennis kasama ang Lungsod ay sa Hulyo 6, 2020. Papalitan niya si Stephen Scott, Interim Direktor ng Parke, Libangan, at Pandagat, na hindi kandidato para sa permanenteng posisyon at babalik sa kaniyang dating posisyon bilang Deputy Direktor.

Oscar Orci – Direktor ng Development Services

Si Oscar Orci ay hinirang bilang Direktor ng Development Services. Pangangasiwaan ni G. Orci ang Pagpaplano, Kaligtasan ng Gusali, Code Enforcement at Serbisyo sa Pabahay at Kapitbahayan pati na rin ang Long Beach Community Investment Corporation (LBCIC). Nagsimula siya sa Lungsod bilang Deputy Direktor at tumulong siya sa pamamahala ng isang walang uliran na antas ng bagong pag-unlad sa buong Long Beach, kabilang ang halo-halong pag-unlad at libo-libong yunit ng mga tirahan, kabilang ang abot-kayang pag-unlad ng pabahay, mga silid sa hotel at komersyal na espasyo at ang bagong Civic Center. Nagsilbi rin siya bilang kinatawan ng Lungsod para sa mga seismic compliance na pisisikap ng Community Hospital, na gumagabay sa pagbuo ng industriya ng aerospace at ang integrasyon ng teknikal na pagsisikap tulad ng Electronic Plan Check, web-portal integrasyon at permit streamlining.

Si G. Orci ay may higit sa 25 taong karanasan sa pag-unlad ng komunidad. Bago ang kaniyang serbisyo sa Lungsod ng Long Beach, nagtrabaho siya para sa Lungsod ng Redlands kung saan nagsilbi siya bilang Direktor ng Development Services. Nagsilbi rin

siya bilang Development Direktor para sa mga lungsod ng Banning, La Quinta, at Rolling Hills Estate.

“Nasasabik ako sa mahalagang pagkakataong ito at inaasahan ko na makipagtulungan sa komunidad, mga kasosyo ng kapitbahayan at lahat ng stakeholder ng Lungsod,” sabi ni Orci. “Nakatuon ako sa pagpapatuloy ng mga pagsisikap ng Kagawaran sa pagbibigay ng natatanging serbisyo at pagbuo ng isang sustainable, kakaiba, at masiglang komunidad.”

Ang paghirang kay G. Orci ay epektibo Hunyo 20, 2020.

Christopher Koontz – Deputy Direktor ng Development Services

Si Christopher Koontz ay hinirang bilang Deputy Direktor ng Development Services. Mula noong 2018 nagsilbi siya sa Lungsod bilang Planning Bureau Manager at bago nito nagsilbi siya bilang Opisyal ng Advance Planning. Si G. Koontz ang nangasiwa ng award-winning na trabaho sa pagpaplano kabilang ang: pag-ampon ng Grant Neighborhood Historic District; pagsusuri at pagpayag sa pag-unlad na nagresulta sa 2019 na maging pinakamagaling ng Lungsod kaysa sa nagdaang 30 taon para sa mga bagong pabahay; pag-ampon ng Elemento ng Paggamit ng Lupa ng Lungsod; at ang paglikha ng Omnibus Zoning Reform na programa ng Lungsod.

Bago sumali sa Lungsod, si G. Koontz ay nagsilbi bilang Hepe ng Pagpaplano ng Paliparan sa Los Angeles World Airports, na namamahala sa mga tauhan at operasyon ng pagpaplano at pagpreserba ng kasaysayan para sa mga paliparan ng LAX, LA/Ontario International, at Van Nuys. Mayroon din siyang karanasan sa pagpaplano sa Lungsod ng Los Angeles, kung saan lumikha at naipatupad ng patakaran sa buong lungsod.

“Natutuwa akong ipagpatuloy ang aking trabaho na nagsusulong ng mga oportunidad sa pabahay at trabaho, kamangha-manghang kalidad ng buhay at pag-unlad ng lahat para sa mga residente ng Long Beach,” sabi ni Koontz. “Lubhang ipinagmamalaki ko ang mga nakumpletong trabaho at tiwala ako sa mga trabaho na paparating. Gagampanang kong mabuti ang pagkakataon sa pamumuno at responsibilidad at inaasahan ko na makipagtulungan sa magkakaibang, matalino at masipag na grupo ng Development Services upang makabuo ng mas mahusay na Long Beach.”

Ang paghirang kay G. Koontz ay epektibo Hunyo 20, 2020. Sa paghihirang na ito, ihinahanay ng Manager ng Lungsod ang Pagpaplano at Abot-kayang Pabahay na konstruksyon sa ilalim ng posisyon ng Deputy Direktor upang maglagay ng karagdagang pokus sa konstruksyon at pagpaplano ng lahat ng tipo ng pabahay sa Long Beach.

CITY OF LONG BEACH

PRESS RELEASE

Tungkol sa Lungsod ng Long Beach

Tahanan ng humigit-kumulang na 470,000 katao, ang maramihang award-winning at makabagong Lungsod ng Long Beach ay nag-aalok ng lahat ng mga world-class na amenidad ng isang malaking metropolitan na lungsod habang nagpapanatili ng isang pakiramdam ng indibidwal at magkakaibang kapitbahayan na magkakasama sa baybayin ng California. Bilang isang buong-serbisyong charter na lungsod, ang Long Beach ay tahanan ng Queen Mary, Aquarium of the Pacific, maraming mga museo at sinehan, isang mataas na rating na school distrito, Long Beach Airport, ang Port of Long Beach, pati na rin ang mga award-winning na kagawaran ng Lungsod kabilang ang Kalusugan, Parke, Recreation at Marine, Development Services at iba pa. Ang Lungsod ay mayroon ding iginagalang na unibersidad at kolehiyo ng lungsod, dalawang makasaysayang rancho, limang ospital, limang golf course, 171 parke, milya ng mga beach, mga marina, landas ng bisikleta, at isang Bike Share na programa.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Lungsod ng Long Beach, bumisita sa http://longbeach.gov/. Sundan kami sa social media upang malaman ang pinakabagong balita: Facebook, Twitter, Instagram, at YouTube.

###